Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7:4
10-19-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 3, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 242-T2011

## KAPASIYAHANG KINIKILALA AT NAGBIBIGAY-PUGAY SA MGA IBINANTOG NA "NATATANGING GURO" SA DISTRITO NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T,** kasabay ng pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng mga Guro, sa Oktubre 5 bawat taon, kinilala ang mga natatanging guro sa bayan ng Santa Cruz, Laguna, bilang pahiwatig ng pagtitiwala sa kanilang kakayahan at kahusayan sa pagtuturo;

**SAPAGKA'T,** iminulat nila ang tamang disiplina at kagandahang asal na patuloy na dadaloy sa murang isipan ng mga mag-aaral hanggang sa sila ay lumaki;

**SAPAGKA'T,** ipinakita nilang ang pagtuturo ay isang dakilang propesyon na humuhubog sa kilos, ugali at isip ng bata upang matamo ang sigla sa pakikilahok sa pag-unlad ng lipunan;

**SAPAGKA'T**, karapat-dapat na sila'y kilalanin at patuloy na taglayin sa kanilang sarili ang kagalingan ng pagtuturo na ipinagkatiwala sa kanila tungo sa kabutihan, mahusay na isipan at mabuting mamamayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran (Tagapamuno ng Lupon sa Edukasyon at Kultura), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kilalanin at bigyang-pugay ang mga ibinantog na "Natatanging Guro" sa Distrito ng Santa Cruz, Laguna na kinabibilangan ng mga sumusunod:

| Pangalan | Paaralan |
|---|---|
| 1. Rosita S. Sosong | Bagumbayan |
| 2. Aura Fe T. Morales | Bubukal |
| 3. Beverly D. Calupig | Calios |
| 4. Maria Cristina B. Tamonte | Duhat |
| 5. Nimfa C. Talabis | Gatid |
| 6. Evangeline R. Collo | Oogong |
| 7. April A. Samson | Pagsawitan |
| 8. Casiana N. Barkin | Palasan |
| 9. Geralda C. Bombales | Patimbao |
| 10. Juvy S. Patriarca | San Jose |
| 11. Sedna A. Villanera | Santa Cruz Central |
| 12. Rosita E. Jovellano | Santisima Cruz |
| 13. Concepcion I. Aquino | Santo Angel Central |
| 14. Armina M. Lava | Santo Angel Norte |
| 15. Julie Galoso | Santo Angel Sur |
| 16. Analiza T. Madelar | Silangan |
| 17. Florina C. Federico | Pedro Guevara Memorial National High School |

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, DepEd, mga guro at paaralang nakasaad sa itaas nito, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 3, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan